# May Puso ang Saging May Pusod ang Dagat

**Mga Nilalaman**


1. Kataka-taka
2. Awit ng Ada
3. Mga Dasal sa Tag-ulan
4. Ayokong Maligo
5. Puwedeng Dumalaw
6. Ako'y Mag-aalsa-balutan!
7. Gaano
8. Ako at si Amorsolo
9. Lasap
10. Biology Teacher si Nanay
11. Villanelle para sa Aking Antuking Anak
12. Higad

**Kataka-taka**

Hindi kataka-takang
May buhok ang mais,
May mata ang pinya,
May tainga ang kawali,
May bibig ang bote,
May ngipin ang suklay,
May dila ang sapatos,
May mukha ang orasan,
at kapag nakaturo
ang mga kamay
sa tanghalian,
may ilong ang aking tiyan.

May likod ang silya,
May puso ang saging,
May pusod ang dagat,
May puwit ang baso,
at may mga paa ang kama.

Ngunit di ba't kataka-taka?
May pakpak ang balita
upang kami'y ilipad
sa pisngi
ng bilog
na buwan.

**Awit ng Ada**

*Matulog ka na, bunso*
*Ang ina mo'y malayo.*
*Di ko naman masundo*
*May putik, may balaho.*
-awiting bayan

Langitngit sa puso ng buwang nagtago,

Hikbi ng buntala habang papalayo,

Pagaspas ng hangin sa kanyang siphayo,

Hibik ng batang bitwing mata'y namugto.

Yabag sa pagbaba ng diwatang puso,

Lawiswis ng mga kawayang yumuko,

Sagitsit ng bukal, sa ada'y sumamo,

Alimbukay ng alon sa adang suyo.

Wilig ng gintong alabok ng diwata,

Sumirit salita, sagitsit, hiwaga

Tilamsik ng pilak sa pisngi ng bata

Dapo ng tuwa, sumisilay sa mukha.

**Mga Dasal sa Tag-ulan**

Ama namin, kamusta ka na?
Kay sarap gumising sa iyong
maulang umaga.
Kay sarap ng amoy ng sinangag
ng kapitbahay sa almusal.
Kay sarap maligo sa malakas na ulan,
kumakampay ang mga dahon ng akasya,
Nagkakandirit sa putikan ang mga bata.

Ama namin, nakikita mo ba?
Naglalagay na ng tablang
tulay ang aking tatay sa bangketa.
Mabilis ang patak
ng barya sa kanyang lata
kapag napuno ay may maihahaing
kanin at sardinas sa tanghali.

Ama namin, naririnig mo ba?
Ang ulan sa ami'y rumaragasa.
Humuhugong ang hangin,
Tila nagtatawag pa ng kasamang
tutungkab sa mga bubungang
nakanganga sa takipsilim.

Ama namin, naaamoy mo ba
ang kaba sa dibdib ni Inay

at ang takot sa mukha ni Itay?
Lumubog na ang papel
na bangka ng maliliit na bata.

Ama namin, nawa'y iyong ipadama
ang tibay ng loob kina Inay at Itay.
At kahit pa lumubog ang aming bahay,
nawa'y laging lumutang
ang pag-asa
sa dibdib ng mga bata
sa gitna ng malapot
na putik at baha.

**Ayokong Maligo**

Ayokong maligo
kahit sabihin ni Nanay
na may kuwintas ako ng libag
o taniman ng kamote
ang aking balat.

Ayokong maligo
kahit sabihin ni Tatay
na amoy sukang Paumbong
ang aking pawis
o amoy-tinapa
ang aking bumbunan.

Ayokong maligo.
Ayoko ng shampu,
ayoko ng sabong mabango,
at ayoko ng panghilod na bimpo.

Ayokong maligo!
Gusto ko lamang lumangoy,
kasama ng aking mga kaibigan
sa malalalim na swimming pul
sa gitna ng lansangan.

**Puwedeng Dumalaw**

Puwedeng umiyak
Kapag nadarapa,
o kinurot ng kaibigan
o napagalitan
(kahit walang kasalanan).
Huwag lang hahayaang
magbaha ng luha;
Baka malunod ang lahat
ng kapitbahay
at ang buong baranggay.

Puwedeng magalit,
kapag naisahan,
kapag iniwan,
o kaya'y pinagalitan
(kahit walang kasalanan).
Huwag lang mag-iipon
ng sama ng loob,
at baka sumabog
ang bulkang
sa dibdib kinulob.

Puwedeng kumatok
sa ating pintuan
ang lungkot at pait,
ang inis at galit,

pati na ang kaniyang
pinsang buwisit.

Puwedeng dumalaw,
kumatok sandali,
ngunit di dapat na sila'y manatili,
kundi magiging buhawi.
Buhawing sa puso'y maghahari
at magtataboy ng bawat
darating na tuwa at ngiti.

**Ako'y Mag-aalsa-balutan!**

Ako'y mag-aalsa balutan!
Galit ako kina ditse at sanse,
atsi, diko, kuya, at ate
lolo at lola,
kina tiyo, at tiya,
pati na kina nanay at tatay.

Ako'y mag-aalsa balutan,
At hindi na ninyo muli pang masisilayan,
Isasama ko ang aking paboritong
kamiseta, kumot, krayola,
baso, bimpo, banig, bola
pinggan, papel, pajama, pambura,
tsokolate, tsoknat, tsinelas,
donot, duyan, pati na si Dora
mga alagang sina Meowsi at Brawni
aklat at arinola.

Ako'y mag-aalsa balutan,
aakyat sa punong kawayan,
kasama ng aking mga gamit, laruan,
mga alaga at kaibigan.
Doon na mananatili magpakailanman.

Talaga, ako'y mag-aalsa balutan!
Hindi na ninyo makikita kailanman,

Wala na kayong uutus-utusan,

Wala na kayong pandidilatan.

Ako'y mag-aalsa-balutan...

Teka, teka, wala man lang ba?

Wala man lang pipigil sa aking paglisan?

**Gaano**

Gaano katagal humabi ng sapot ang gagamba?
Gaano katagal ang klase sa matematika?
Gaano katagal ang sermon ng guro sa umaga?
Gaano katagal na ang panahon ni Mahoma?
Gaano katagal mag-antay ng bell para 'uwian na'?

Gaano kabilis sumilip ang liwanag sa aking bintana?
Gaano kabilis mapunit ng kidlat ang langit?
Gaano kabilis ang *spaceship* papuntang kalawakan?
Gaano kabilis ang *jet* sa paglibot sa Asya Pasipiko?
Gaano kabilis ang langoy ng dugong sa dagat?
Gaano kabilis ang *jaguar* sa gubat?

Lola, gaano katagal magpunta sa Hongkong?
Bakit kay bilis nagpunta ng nanay roon?
Lola, ang laki-laki ko na,
Beybi pa ako nang siya'y umalis,
kapag kami'y nagkita na,
gaano kabilis kaya niya akong makikilala?

**Ako at si Amorsolo**

Amorsolo ang pangalan ng aso kong batugan.
Ayaw maghugas ng pinggan at maglinis ng katawan.
Ayaw gumawa ng takdang-aralin
at ikinakalat, nginangatngat ang lahat ng aklat.

"Di man lamang pumasok nang kusa!" sabi ng Nanang.
"Di man lamang magbasa  nang kusa!" sabi ng Tatang.
"Siya pa nama'y ipinangalan sa pintor ng bayan
na labis ang katanyagan ng mga larawan
ng masaganang kalikasan
at maririkit na dilag sa kabukiran."

Pero kahit si Amorsolo'y may kapintasan,
Siya'y aking kaibigan.
Hindi naghihinanakit,
kung sakaling may magkamaling
buntot ay matapakan
o sa katatahol ay mapagalitan.
Hindi magagalit,
kapag kailangang iwanan
upang magbantay ng aming tahanan.

Kaya't paminsan-minsan,
kung siya'y di kinagagalitan
hinihimas, kinakalaro,
at kinakausap nang masinsinan,

Naghuhugas siya ng pinggan,
takdang-aralin binabasa,
naliligo nang kusa,
at maagang gumigising
upang pumasok sa paaralan.

At kapag hindi na nabubulyawan,
Di naman malayong hanapin
ang sariling galing at kakayahan
upang maging singhusay
ng pintor na sa kanya'y ipinangalan.

**Lasap**

Ano ang mapait?
Lasa ng ampalaya
at mustasa sa nakangiwing bibig.
Ano ang malansa?
Lasa ng gilik ng isda.
Ano ang mapakla?
Lasa ng bubot na bayabas
O saging na 'di pa hinog.
Ano ang kulasim?
Lasa ng burong hipon o talangka.
Ano ang maaskad?
Lasa ng balat ng dalandan
O dayap na hindi nabalatan.
Ano ang matamis?
Sabi ni nanay, ito ang lasa
ng ubeng halaya
'pag ako'y kaniyang kayakap.

**Biology teacher si Nanay**

Biology teacher si Nanay
Bilib ako sa kaniyang galing at husay
Kaya niyang ipaliwanag
ang molecules at monomers
polymers, nucleus, at chromosomes,
na mauunawaan ng mga batang
kanyang tinuturuan.

Biology teacher si Nanay,
Bilib siya sa galing at husay
ng mga estudyanteng kanyang tinuturuan.
Biro mo, sabi ni Nanay sa akin,
"Grade 1 lang ang mga bata ngayon
ngunit mabilis nilang nalalaman
ang wika ng agham."

Ribonucleic acid,
deoxyribonucleic acid,
kayang unawain ng kanilang isip,
kanilang paliwanag nakabibilib:
building blocks ng buhay---
tagapagdala ng genes,
tagapagdala ng katangian, ng kulay.

Talagang bilib si Nanay
sa kaniyang mga alaga.

Talagang kay galing ng mga bata!
May mga isipang tila espongha.
May mga utak na kay bilis umunawa.

Pero kahit biology teacher si Nanay
Kahit gaano kagaling magpaliwanag
ng DNA at RNA na building blocks ng buhay,
Nagkakamot din siya ng ulo,
at di niya masagot-sagot ang tanong
na kinukulit ni bunso---
Paano ngang nagkaroon ng kuting
ang tiyan ng aming alagang si Muning?

**Villanelle para sa Aking Antuking Anak**

Ipikit ang mga mata, o aking antuking anak.
Isilid sa pangarap ang pinilakang paru-paro,
Salamat sa paalalang may ginto ang mga ulap.

Kaibiganing muli ang bangkang may rosas ang layag,
Ibulsa ang punong kamagong, pitasin ang mabolo,
Ipikit ang mga mata, o aking antuking anak.

Matutong manahi ng puting buhangin sa pangarap,
Sundin ang tambol ng iyong mapulang-mapulang puso,
Salamat sa paalalang may ginto ang mga ulap.

Hayaang ang hangi'y mag-alay ng apoy niyang pakpak
Ikampay ang luntiang pangarap doon sa ibayo,
Ipikit ang mga mata, o aking antuking anak.

Ibaon ang abuhing pilat na sa puso'y sumindak,
Tiklupin ang bahaghari, iyong isilid sa pulso,
Salamat sa paalalang may ginto ang mga ulap.

Aking anak, aking kahanga-hangang guro sa galak,
Manlilikha ng makukulay na mundo at misteryo,
Ipikit ang mga mata, o aking antuking anak,
Salamat sa paalalang may ginto ang mga ulap.

Higad Higad
Higad HigadHigad Higad
Higad Higad Higad higad Higad

May Isang Batang Higad,
Na Naghangad Makalipad.
Tumawa ang Ibang Mga Higad
Paaano nga Namang Makalilipad
Ang Walang Pakpak na Higad?
Paanong Makalilipad ang Batang
Makupad? Paanong Makalilipad ang
Gumagapang Sa Lupa? Ang Sabi ng
Iba'y Ang Pagkakaroon ng Pakpak
Ay Hindi Totoo at isang Masamang Biro
Ngunit Hindi Nakinig ang Batang Higad.
Patuloy siya sa Inot-inot na Pag-usad.
Hanggang Isang Araw, Siya'y Nakatagpo
ng punong Akasya. "Kaibigang Punong Akasya,
Maaari ba na ako'y umakyat, makikain, At
Makisilong sa Iyong Punong Malago? "At
Bakit mo Nais na Umakyat pa nang Mataas
Upang kumain at sumilong? " Dahil Nais Kong
Lumipad. " "Mataas ang Iyong Pangarap
Kaibigang Higad. Maaari ka nang Umakyat."
Pataas nang Pataas ang Pag-usad ng Batang
Higad. Kakain ng Dahon, Maghihiga.
Matutulog, mahihimlay. Kakain ng Dahon,
Matutulog, magpapahinga, mahihimlay.
Mahihimbing, Nasa Puso ang Hangad na
Makalipad. Hindi Nahihiyang siya'y
Makupad. Pataas nang pataas ang kanyang
Pag-usad. Sa luntiang mga Dahon.
Sa Luntiang mga Ulap. Pataas nang
Pataas sa Luntiang Pangarap.
Pangarap. Pangarap.
Pangarap. Paagarap.